

# S SKLAB



Opisyal na lathalain ng Agricultural Training Institute  
Regional Training Center - CaLaBaRZon

Siklab Pangalawang Isyu || Hulyo - Disyembre 2017

*Kapag sumuko ka agad walang mangyayari sayo kaya kailangan risk taker ka. Yun ang policy sa buhay ko na lahat ng challenges sa akin, kailangang tanggapin ko at i-analyze ko bakit ganun. Dapat lahat ng failure ay learning experiences. From that experience, good or bad, go on. Improve mo. Dapat ay aim for more.*

**Ma. Evita R. Roqueza**

Magsasaka Siyentista, FITS Center Pila, Laguna



## Mga Nilalaman

- 2** Director's Note
- 2** Patnugutan
- 3** HiLING, Makabuluhang Mithiin
- 6** Yakap sa Pangarap  
Ang Abot Kamay na Tagumpay ni Ma. Evita R. Roqueza
- 8** 19 na AEWs Nasipagtapos sa Season-Long Training of Trainers on Good Agricultural Practices (GAP)
- 8** AEWs ng CALABARZON, sumailalim sa pagsasanay na AGRIDoc
- 9** Mabilis at Akmang Impormasyon sa Pamamagitan ng Programang SOA
- 10** Malawakang Paglulunsad ng Farmers' Field School ukol sa Sustainable Pig Farming, Isinagawa
- 10** Southern Luzon State University, Kampeon Bilang Kabataang Organic Agriculture 2017
- 11** FITS Centers sa Calabarzon Nagtipon Para sa Ika-limang TGP Summit



This publication is a semestral summary of news and updates in the Agricultural and Fishery Extension published by the Agricultural Training Institute Region IVA, an attached agency of the Department of Agriculture

Write to us in this email: [atirtc4a@gmail.com](mailto:atirtc4a@gmail.com) for comments, feedback and suggestions

### Follow us!

[www.ati.da.gov.ph/ati-4a](http://www.ati.da.gov.ph/ati-4a)

046-419-0210

ATICalabarzon

@aticalabarzon



## Patnugutan

Tagapayo:  
**Marites P. Cosico**  
**Mariel Celeste C. Dayanghirang**

Punong Patnugot:  
**Rolando V. Maningas, PhD**

Tagapamahalong Patnugot:  
**Jamila Monette B. Balmeo**

Mga Manunulat:  
**Maridelle G. Jaurigue**  
**Janine L. Cailo**  
**Jamila Monette B. Balmeo**  
**Marian Lovella A. Parot**

Disenyo/Layout: **Kenneth E. Yaya**

## Director's Note

Pinagmamalaki po naming ibahagi sa inyo ang pangalawang isyu ng SIKLAB: Ang opisyal na lathalain ng Agricultural Training Institute sa rehiyon ng Calabarzon. Nilalaman ng isyung ito ang iba't ibang pagsasanay at gawaing ekstensyon na pinamunuan ng ahensya kabilang na rin ang mga kwentong tagumpay ng ating mga magsasaka sa rehiyon.

Ang ATI Calabarzon ay patuloy na maghahatid ng mga makabagong balita at programa para maipaabot ang angkop na impormasyon at teknolohiya ukol sa agrikultura at pangisdaan sa rehiyon. Hangad ng lathalain na ito na makapagbigay ng karagdagang kaalaman sa bawat magsasaka at mangingisda.

### Marites Piamonte - Cosico

Center Director

## HiLING, Makabuluhang Mithiin

Jamila Monette B. Balmeo

**H**iling, sa salitang Filipino ay mithiing nais kamtin. Salitang hindi rin nalalayo sa layunin ng HiLING, makabagong programa ng Agricultural Training Institute (ATI) CaLaBaRZon, na mapaunlad ang pamumuhay ng pamilya magsasakang Pilipino. Ang HiLING ay kumakatawan sa mga salitang High-impact, Location-specific, Institution-centered, Need-based at Goal-directed. Nais ng HiLING na makapagdulot ng pagbabago lalo't higit sa estado ng pamumuhay ng mga nasa ika – apat at ika – limang antas na klase ng munisipalidad, kung saan napabilang ang Macalelon, Quezon at Mabitac, Laguna.

Isinagawa ang unang HiLING (1st batch) noong taong 2016, Abril hanggang Oktubre. Kabuuang tatlong pamilyang magsasakang Pilipino ang masusing pinili para maging benepisyaryo ng programa – labing-anim mula sa Macalelon, samantalang labing-apat naman sa Mabitac na may kabuuang 120 indibidwal. Ang tatay (magsasaka), nanay (may potensyal na maging miyembro ng Rural Improvement Club), kabataan (may potensyal na maging miyembro ng 4H Club) at nakababatang kapatid (apat hanggang pitong taong gulang) ang bumubuo kada pamilya. Ang mga benepisyaryo ay sumailalim sa iba't ibang pagsasanay sa loob ng anim na buwan na pagsasagawa ng HiLING. Ilan sa mga pagsasanay na pinagkaloob ay ang Farmers' Field School (FFS) on Sustainable Pig Farming at Farm Business School (FBS) na tumagal ng 20 linggo. May mga pagsasanay nauukol sa livelihood program, values formation at iba pa. Ang programang HiLING ay bilang pagsuporta sa adhikain ng pamahalaan na magkaroon ng sapat na pagkain sa bawat pamilyang Pilipino.

### Ang Pamilya Planillo Brgy. Matalatala, Mabitac, Laguna

*“Pagkatapos ng HiLING, diniretso namin ang pagbababoy kasi alam namin na dun lalaki ang income ng pamilya. Saka ang pagtatanim ng mga organik na pananim, kumikita na rin kami. Napagkukunan na namin ng pang*



*araw-araw na gastos.” – Esteban Planillo*  
*“Ayaw nga niya (Esteban) dati eh. May pag-iyak pa ako para makasali sa HiLING,”* pabirong salaysay ni Celiza “Liza” Planillo kung paano niya nakumbinsi ang asawang si Esteban na sumali sa programa. Tubong Mabitac, Laguna, si Liza, 38 taong gulang at si Esteban, 42 taong gulang ay nagsimulang magsaka 30 taon na ang nakalipas. Ang mag-asawa ay biniyayaan ng apat na anak, dalawa rito ay kasama rin sa HiLING, sina Vincent, 15 taong gulang at Vanessa, 10 taong gulang. Pareho silang kinakitaan na ng pagkahilig sa pagsasaka. Kaya naman, walang atubiling nakiisa ang magkapatid sa programa. *“Gusto ko mag-aral ng pagtatanim, paggugulay,”* paliwanag ni Vincent kung bakit kusang-loob siyang lumahok sa HiLING.

Bagaman taliwas ang kanilang desisyong mag-asawa, buo pa rin ang pasya ni Liza na mapabilang sa HiLING. *“Kami po yung pinaka-labinlima,”* bunyag niya. Desidido talaga siya eh. Baka naman pag sumali kami, may mangyaring pagbabago sa buhay namin. Ayun nga mayroon nga,” dagdag pa ni Esteban.

Nagdulot ng mga positibong pagbabago ang programang HiLING sa pamilya Planillo. Isa na rito ay tumaas ang kanilang kumpyansa sa sarili. *“Nagiging malakas ang loob naming makiharap sa ibang tao. Hindi katulad noon na para kaming nahihiyang makiharap. Palibhasa iba-ibang tao ang dumarating. Nasasanay na rin kaming makiharap sa tao. Ngayon iba ibang tao ang nakakasama at nakakasalamuha, kwento-kwento,”* patunay ni Esteban. Samantala, ang kanilang mga anak na si Vincent at Vanessa ay nagkaroon naman ng maraming kaibigan. Mas naging malapit din sa isa't isa ang bawat miyembro ng pamilya. *“Nagkakaroon po ng bonding sa pamilya. Halimbawa sa paghahalaman, nagkakasama kami, kanya-kanya kaming gawa. Yung mga bata natututo pating magtanim ng halaman. Kung wala ang HiLING, hindi naman nila maiisip ng ganun. Ngayon, katulong namin ang mga bata sa pagpapakain ng baboy. Natututo silang magpakain ng baboy,”* banggit ni Esteban. Sa gabi bago sila matulog ay nagbabahagi sila ng mga kwento at aral na natutunan nila sa HiLING ayon kay Liza.

Sa mahigit isang taon simula ng maipatupad ang programang HiLING, patuloy pa rin ang pag-aalaga ng baboy ng mag-asawang Esteban at Liza. Napagdesisyunan nila na itira ang isa sa dalawang biik na ipinagkaloob ng ATI. *“Nung nagbigay ng baboy ang HiLING na dalawa, napalaki namin parehas. Yung isa tinira ko, ginawa naming inahin. Nang dahil sa HiLING may pinagsimulan kaming pagbababuyan. Kundi dahil sa HiLING di kami magkaron ng ganyan. Mula sa inahin kumikita na kami, yung mga anak pa. Itong pagbababoy hindi namin bibitawan. Sakaling dito namin maikuha yung mga isusuporta sa pag-aaral ng mga bata,”* pagbabahagi ni Esteban. Ang inahin ay nakapanganak na ng tatlong biik at kasalukuyang buntis. Plano nila na palakihin muna ang mga biik at saka ibebenta para pandagdag gastos sa pangangailangan ng pamilya. *“Yung kikitain namin sa pagbebenta ng baboy, ipambibili uli namin ng*





*baboy. Yung magiging kita namin dun, pupuhunanin din namin para umikot para hindi mawala yung pinagkunan ng puhunan. Naido-doble yung ikot ng puhunan,”* pagdidiin ni Esteban. Sa paraang ito, ang mga tao sa komunidad ay nagsisimulang ng magtanong ng epektibong pamamaraan kung paano magpalaki ng organikong baboy. Bilang ganti, nagbibigay naman ng payo at kaalaman si Esteban at Liza mula sa kanilang mga natutunan sa mga pagsasanay na kaakibat sa pagpapatupad ng programang HiLING.

Bukod sa pagbababuyan, ang pagsasanay sa Farm Business School (FBS) ay nag-iwan rin ng malaking kapakinabangan sa pang araw-araw na pagharap sa kinabukasan. Natuto si Liza mag budget ng kanilang kita. *“Natuto kami ng management. Hindi basta gastos ng gastos. Yung Farm Business School (FBS), pagmamanege ng trabaho, pagta-tackle kung magkano ang iyong ilalabas, ipapasok, yun ang natutunan ko. Makikita mo rin kung anong ginawa mo ngayon, ano yung magiging pag-unlad nun,”* batid ni Liza.

Hindi lamang buhay ni Esteban at Liza ang nabago ng HiLING, napukaw rin ang atensyon nina Vincent at Vanessa. *“Dati hindi mo mauutusan. Ngayon nae-excite na sila mag farm. Nacha-challenge sila. Nag-enjoy ang mga bata. Yung pangatlo kong babae, naiinggit doon sa bunso. Bakit daw hindi siya kasali.*

*Eh baka may susunod pa, sasali daw siya,”* ulat ni Liza. Naging inspirado at dedikado ang kanilang dalawang anak na ipagpatuloy ang pagsasaka. Sa katunayan, *“Gusto ko maging Agriculturist. Para mapalago ang pagbababuyan at paghahalaman,”* pagmamalaki ni Vincent. Sa kabilang banda, bigkas ni Vanessa, *“Gusto ko maging magsasaka.”*

Katumbas ng pangarap ng mag-asawa na makatapos ng pag-aaral ang kanilang apat na anak, nais rin ng pamilya Planillo na, *“makaangat at magkaroon ng maginhawang pamumuhay, makakain sa araw-araw at makapundar ng pagkakakitaan. Kuntento na kami sa ganun,”* pagtatapos ni Esteban.

#### **Ang Pamilya Balane Brgy. Olong Tao, Macalelon, Quezon**

*“Nung hindi pa dumadating yung HiLING program, medyo hirap na hirap po kami. Hirap na hirap sa kaalaman, hirap na hirap sa puhunan. Nang dumating po ang HiLING program, malaki na po ang*

*pinagbago.”* – Richard Balane

Kinamulatan at kinalakihan, si Richard, 41 taong gulang, ay may kamalayan na sa larangan ng pagsasaka sa loob ng 21 taon. Ang kanyang mabuting maybahay, si Rosario “Sari”, 40 taong gulang, ay katulong niya sa pamamahala ng kanilang dalawang ektaryang sakahan sa Brgy. Olong Tao Ilaya, Macalelon, Quezon. Sila ay may apat na anak, si Ronel (22), Rommel (20), Gary Jay (18) at Risalin (16). Buo ang desisyon ng mag-asawa nang sumali sa HiLING pero sa una pa lamang ay sinubok na agad sila ng pagkakataon. Bilang pangulo ng samahan ng magsasaka sa kanilang lugar, *“marami po akong mga narinig na ako raw po ang namili. Sabi ko hindi ako ang namili nyan. ATI ang namili nyan. Yun po ang mga binato nila sakin. Nung bandang huli naunawaan na nila,”* sabi ni Richard.

Ang programang HiLING ang nagbukas ng maraming oportunidad sa pamilya Balane. Dumoble ang kita ng pamilya simula ng ipatupad ang programa. *“Noong 2016 kumita kami ng P 63,641. Dati hindi ko alam kung magkano ang kinikita namin. Hindi po kami naglilista. Ngayon po ay naglilista na. Malaki pala yun pag pinagsama-sama. Kumita nga kami ngayong 2017 nasa P 114,260. Laki po ng pagkakaiba ng 2016 sa 2017. Dumoble ang kita namin,”* paghahalintulad ni Sari. Sa loob ng isang taon ay kumita na rin sila ng P 36,000 sa pagbebenta ng baboy. Katulad ng pamilya Planillo, pinalaki at ginawa nilang inahin ang isa sa mga biik na binigay ng ATI. Sa ngayon ay mayroon na silang 11 na biik. Patuloy nilang isinasabuhay ang mga aralin mula sa pagsasanay sa pagbababuyan. *“Yung kulungan ng baboy, kailangang hindi mawawalan*

***“Natuto kami ng management. Hindi basta gastos ng gastos. Yung Farm Business School (FBS), pagmamanege ng trabaho, pagta-tackle kung magkano ang iyong ilalabas, ipapasok, yun ang natutunan ko. Makikita mo rin kung anong ginawa mo ngayon, ano yung magiging pag-unlad nun,”*** - Liza Planillo



ng alaga. Pagkapalaki at pagkabenta, lamnan uli at papalitan. Nakakarami ng nabebenta. Nung dumating ang HiLING, nagkaroon kami ng libreng kulungan, wala pang amoy. Naturuan pang magtimpla ng mga pakain. Tipid sa pagkain kapag tinimpla," pagdedetalye ni Richard at Sari. Napagtanto ni Richard na "Pwede pala mag-alaga ng babuyang walang amoy. Pag ang baboy ay walang amoy at organikong pagkain ay manipis ang taba. Masarap kainin." Higit sa lahat, nalaman nila ang kahalagahan ng angkop na paglalaan ng pera. "Natutunan ko yung pagtitipid. "Natutong mag budget. Natutong maglista ng mga kita at gastos," pagtukoy ni Sari. Dahil din sa pagdalo sa mga pagsasanay, natuklasan din ni Sari na "Pwede pala naming gawing chips yung kamote. Saka nanlalaglag laang dito yung indian mango, pwede pala i-atsara yun. Saka yung balinghoy ginagawa palang donut." Sa kabuuan, nagkaroon sila ng alternatibong pagkakakitaan at pinili na ng mag-asawa ang organikong pagsasaka para sa kaligtasan at malusog na pangangatawan ng pamilya pati na rin ang buong lokalidad.

Isa sa mga di matatawarang karanasan ng pamilya ay ang pagkakataong makapunta sa malalayong lugar. "Kundi kami napasama sa HiLING, di makakarating ng iba-ibang lugar. Malayo ang nararating. Hindi nakakapasok sa isang hotel ay nakapasok na. Nakakahalubilo ang maraming tao. Yung mga may pinag-aralan, pwede palang makihalubilo ang isang magsasaka sa mga propesyonal na tao. Pwede palang pantay-pantay," paglalarawan ni



Sari. Dagdag pa rito, namayani ang pagmamahalan at pagkakaunawaan sa buong pamilya, gayundin sa pakikitungo sa ibang tao.

Sa pamamagitan din ng HiLING, si Rommel, anak ni Richard at Sari at benepisyaryo rin ng programa, ay nakamit ang mithiing makapag-aral ng Agrikultura. Sa loob ng anim na buwan ay tumuloy si Rommel sa Terra Verde Eco Farm sa Maragondon, Cavite para kumuha ng Agricultural Crops Production National Certification (NC) II bilang bahagi ng Alternative Learning System (ALS) ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA). "Kailangan yung kabataan ngayon matutukan nila ang Agriculture kasi para hindi sila umalis dito para magtrabaho sa ibang lugar. Yung lahat ng kabataan i-training sa pagsasaka. Kailangang ipaintindi sa kanila na kailangan ng magsasaka sa buong Pilipinas," pahiwatig ni Rommel. Tulad ni Rommel, si BJ, walong taong gulang, ay labis din ang saya ng maging parte ng programang HiLING. "Maraming nakilala at naging kaibigan," mahiyaing sambit

niya. "Nag-eejoy kasi honestly may kinikita rin naman. Sarili mo pa yung tinatanim. Alam mo pa yung kinakain mo ay masustansya. Pangarap ko po talaga ay simpleng pamumuhay lang na may saktong sakahan lang na makakatulong ka pa sa kapwa," paglalahad ni Rommel.

Nang dahil rin sa HiLING, nakilala ang pamilya Balane at nakaani ng tiwala sa kanilang lugar. "Kahit saan pong barangay, kahit saang bayan, mga taga ATI at PhilRice, kilalang-kilala kami. Yun ang pinagmamalaki namin. Maswerte ang barangay na ito at ang pagkatao natin ay nakilala na tayo ng ibang ahensya ng gobyerno," malugod na ipinarating ni Richard. Lubos ang pasasalamat ng pamilya sa tagumpay na kinahinatnan ng programang HiLING. "Masayang masaya dahil hindi lamang naman ako ang natulungan may labintatlo pa. "Dapat po ang pagtulong ng ATI, ng gobyerno, hindi matapos, tuloy-tuloy dahil mas marami pa ang nangangailangan ng tulong," pagwawakas niya.

Nagbukas ng maraming oportunidad ang programang HiLING sa mga benepisyaryong natulungan nito kabilang na ang pamilya Planillo ng Mabitac, Laguna at pamilya Balane ng Macalelon, Quezon. Hindi lamang umangat ang kanilang kabuhayan at nagkaroon ng dagdag na pagkakakitaan, higit pa ay nahubog ang kanilang pagkatao gayundin ang samahan sa pamilya at komunidad na kinabibilangan. Hangad ng HiLING na mapagpatuloy ang nasimulan para sa ikauunlad ng pamumuhay ng bawat pamilyang magsasakang Pilipino.





## Yakap sa Pangarap

### Ang Abot Kamay na Tagumpay ni Ma. Evita R. Roqueza

- Jamila Monette B. Balmeo

*"Sakin kasi, successful ako kung yung vision ko in life ay unti-unti kong makuha kahit pa stage by stage, ang success hindi lagi ng terms of money. Basta masaya ako, masaya ang pamilya ko, nakakatulong ako sa kapwa ko farmers at nakakapag employ ako ng maraming tao. Then, nakakapaglabas din kami sa community ng pagkain na alam ko ay safe, healthy para sa aming kakain. Para sa akin, yun ay na reach ko na, yung aking vision, nakuha ko na, successful na ako nun."*

- Ma. Evita R. Roqueza



Ipinanganak at lumaki sa Cabanatuan City, Nueva Ecija, nakagisnan na ni Ma. Evita "Tita Evie" R. Roqueza ang buhay pagsasaka sa murang kaisipan pa lamang. "Elementary pa lang ako mahilig na ako mag-alaga ng mga hayop na native," saad niya. Nagtapos siya ng kursong Bachelor of Science in Agriculture major in Soil Science minor in Agronomy. Pagkatapos mag kolehiyo ay kaagad ding nakapagtrabaho si Tita Evie bilang Agriculturist na kalauna'y naging Institutional Development Officer sa National Irrigation Administration (NIA) Region IV-A, Pila, Laguna kung saan nakilala at napangasawa niya si Efren S. Roqueza, dating Regional Manager ng nasabing ahensya. Sila ay nabiyayaan ng dalawang anak na ngayon ay masasabing matagumpay sa kani-kanilang napiling karera sa buhay. Nang tanungin kung nakahiligan din ng kanyang mga anak ang pagsasaka, aniya, "Ngayon ay wala pa. Hinayaan naming enjoyin muna nila yung profession nila. Pero from time to time, nagpupunta sila rito. Nagsu-support naman sila rito sa farm, lahat ng activities namin. Plano nila pag nag retire daw sila ay hahalili sila rito."

Pagkaraan ng dalawampu't isang taong pagseserbisyo sa gobyerno ay nagpasyang magretiro si Tita Evie. "After retiring in NIA, nagtayo ng restaurant, groceries at agricultural supply. Then nung naka graduate na yung bunso kong anak, tinigil ko na yung catering. Ito naman noon (farm) unti-unti dini-develop namin. Dati ito ay pang weekend family leisure farm," banggit niya.

### Ang Sakahan

Inilarawan ni Tita Evie ang kanilang sakahan bilang, "Talagang itong farm, preparation namin talaga sa



retirement. Kaya nitong retirement ko, yun ang naisip ko na gusto ko i-establish. Meron kami pagkakaabalahan pagka-retire namin. Hindi kami idle sa bahay kundi productive pa rin kami. Pati mga anak at apo ko ma-train ko, maturuan ko kumain ng pagkaing walang chemicals. At least dito, kung tanim namin alam ko malinis." Ang Roqueza's Integrated Farm ay sariling lupang pagmamay-ari ng pamilya Roqueza na may sukat na tatlong ektarya na matatagpuan sa Brgy. Sta. Clara Sur, Pila, Laguna – isa't kalahating ektarya sa pagahahayupan at isa't kalahating ektaryang nakalaan para sa forage. Kabilang sa kanyang mga alagang hayop ay lampas 80 na bilang ng baboy (native at white) at mahigit 50 layer type ng free range na mga manok. Noong una ay nagdadalawang isip na mag-alaga ng baboy si Tita Evie. "Taong 2015 nagconduct dito ng training ang ATI sa natural pig farming. Dito ang venue, ako ang cooperador. Noong una kasi ayaw ko ng baboy kasi medyo mabaho siya. Nang matapos ang training, di naman pala ganoon kabaho ang pig farming kaya naglagay na ako ng baboy," kwento niya. Makikita rin sa kanyang sakahan ang humigit-kumulang na 50 baka. Ang sariwang gatas nito ay ibinibenta at binibili ng KKMI (Kapisanan ng mga Kooperatibang Manggagatas, Incorporated) para iproseso sa iba't ibang produktong gawa sa gatas. Sa ngayon ay nagmamay-ari na rin ang pamilya Roqueza ng aabot sa 70 na kambing para naman sa produksyon ng karne. Sinimulan nilang itaguyod ang Roqueza's Integrated Farm limang taon na ang nakalilipas.

Iginawad ng ATI CaLaBaRZon sa Roqueza's Integrated Farm ang accreditation bilang isa sa mga learning sites nito sa ilalim ng programang livestock. Ang sakahan ay isa na ring sa mga pinupuntahang lugar para pagdausan ng mga labay-aral. Sa katunayan, mga bisita mula sa Cordillera Administrative Region, Region III, V at Rizal province ang nakarating na sa Roqueza's Integrated Farm. Bukas si Tita Evie sa pagbabahagi ng kanyang karunungan sa lahat, "Hindi ako madamot magbigay ng formulation, kung paano gumawa ng organic concoctions."

Bukod sa pagahahayupan, abala rin sa pamamahala ng kanilang dalawang ektaryang palayan si Tita Evie. Ito ay matatagpuan sa Brgy. Pansol at Brgy. Concepcion sa Pila, Laguna.

Para mas lalo pang makilala ang Roqueza's Integrated Farm, kamakailan lamang ay lumahok si Tita Evie sa 4th



Laguna Organic Agriculture and 1st Agri-Fishery Congress. Nakabenta siya ng sariwang karne ng baboy at lechon na mismong nagmula sa kanilang sakahan. *"Maraming may order na pang Christmas at New Year kasi iba daw pala ang lasa ng native na organic kesa sa commercial,"* pagmamalaki ni Tita Evie.

### **Mga Oportunidad**

Taong 2016, itinalaga si Tita Evie bilang Magsasaka Siyentista ng Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center ng Pila, Laguna. Ayon sa kanya, *"May impact ang pagiging MS ko, nashe-share ko sa kapwa ko farmer. Kapag nagtatanong sila (farmers), doon ako nag a-advice."*

Dagdag pa sa pagkahilig sa pagsasaka, si Tita Evie ay aktibong miyembro at chairman ng Pila Natural Organic Practitioners Agriculture Cooperative, isang rehistradong kooperatiba na may isandaang miyembro na. *"Yung isang project namin tie-up with DSWD (Department of Social Welfare and Development) yung feeds and fertilizer formulation. Kasama namin dun ang mga 4Ps, job generation sa kanila. Tuturuan namin silang gumawa ng mga feeds, mag food process then ultimately ang goal nun maging entrepreneur sila. Ma train namin sila para maging micro entrepreneurs,"* pagpapaliwanag ni Tita Evie sa isa sa mga layunin ng kooperatiba. Gayundin, si Tita Evie ang Chairman ng Livelihood Program ng Rotary Club ng Pila, Laguna.

### **Mga Aral Mula sa Karanasan**

Sa di mabilang na pagsasanay na dinaluhan ni Tita Evie, hindi lamang siya nakaipon ng mga sertipiko kundi pati iba't ibang aral na kanyang

natutunan. *"Basta available ako, ok sa akin lahat ng trainings. Gusto ko attendan kasi additional learnings yun,"* sabi niya. Karamihan sa mga nasabing pagsasanay ay may kinalaman sa organikong pagsasaka. Ilan sa kanyang nilahukan ay Farm Business School (FBS), Experienced-based Enhancement Training on Organic Agriculture (OA), Good Agricultural Practices (GAP) on Corn, Installation of Internal Control System (ICS) for OA in Preparation for Third Party Certification for the Province of Laguna and Season Long Training for Organic Practitioners and Agricultural Extension Workers with Emphasis on Documentation, Record Keeping, Philippine National Standards on OA & Laguna Internal Control System. *"Umattend ako ng training ng ATI on Organic Agriculture noong 2015. Buhat nun, ang pagpapalaki namin ng hayop ay kinonvert na namin from conventional to organic na. Kami na ang gumagawa ng feeds namin,"* dagdag niya.

Patuloy pa rin sa pagtuklas ng mga bagong kaalaman si Tita Evie. *"Nakapag formulate ako ng sarili kong feeds. At least may basis ako. Lahat dito hindi na kami nabili ng commercial na feeds. Bumibili na lang ako ng raw materials then kami ang nag mi-mix gamit lahat ng concoctions naming organic. Na-apply ko lahat ng napag-aralan ko sa ATI,"* sambit niya.

### **Pag-abot ng Tagumpay**

Sa buhay, may mga balakid na hindi maiiwasan. Halintulad na lamang sa naging karanasan ni Tita Evie. *"Sa rice namin noong nakaraang wet season, ang ganda ng palay namin pero dumapa. Halos breakeven lang. Hindi katulad noong nakaraang dry*

*season, naka 10 tons per hectare ako, eh ngayon halos 5 tons lang,"* pagsasalaysay niya. Itong mga pagsubok na ito ang nagpatatag sa kanya. Ibinahagi niya na *"Kapag sumuko ka agad walang mangyayari sayo kaya kailangan risk taker ka. Yun ang policy sa buhay ko na lahat ng challenges sa akin, kailangang tanggapin ko at i-analyze ko bakit ganun. Dapat lahat ng failure ay learning experiences. From that experience, good or bad, go on. Improve mo. Dapat ay aim for more."*

### **Pagharap sa Kinabukasan**

Marami pang plano ang nais makamtan ni Tita Evie. Isa na sa natupad ay pagkamit mula sa Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) ng accreditation para mag-alok ng programang Animal Production (Ruminants) National Certification (NC) II at OA NC II. *"Dito sa farm, ang vision ko ay talagang maging training center kami. Then, makahingi kami ng accreditation sa DOT para maging farm tourism talaga. Kung maayos namin na maging training center talaga ito, gagawin namin itong assessment center,"* pagbuuod ni Tita Evie.

Ang lahat ng pangarap ay nakamit sa sikap at sigasig ni Tita Evie. Nang tanungin kung abot kamay na ang tagumpay, ang simpleng sagot niya, *"Ngayon ay di pa. Medyo marami pa akong aakyatin."* Ilan pa kayang habbang ang lalakbayin ni Tita Evie para masabi na niyang *"YAKAP"* ko na ang aking mga pangarap? Sa taglay na mga katangian ni Tita Evie, ang tagumpay ay malapit ng makamtan.





## 19 na AEWs Nasipagtapos sa Season-Long Training of Trainers on Good Agricultural Practices (GAP)

-Janine L. Cailo

Los Baños, Laguna - Sa pangunguna ng Kagawaran ng Pagsasaka, ang Agricultural Training Institute (ATI) Rehiyon CaLaBaRZon kasama ang ibat-ibang ahensya, ay masigasig sa pagpapalaganap ng impormasyon ukol sa Good Agricultural Practices o mas kilala bilang PhilGAP. Ang PhilGAP ay mga pamantayan na sinusunod upang masiguro na ligtas at malinis ang mga produktong pang-agrikultura na kinokunsumo ng mamimili.

Sa batas na Republic Act 10611 o Food Safety Act of 2013, pinagtibay nito ang pagpapatupad ng PhilGAP sa bansa, na kung saan binibigyan diin nito na ligtas ang pagkain mula sa mga kontaminasyon tulad ng mikrobyo at iba pa, tamang pangagalaga sa kalikasan, sinisiguro ang kaligtasan ng mga manggagawa, at pagkaron ng mataas na kalidad. Dahil dito, ang mga mamimili ay nakakasiguro na ligtas ang kanilang kinakain kaya ang isang sertipikadong produkto ay may mas bentahe sa lokal at pandaigdigang merkado.

Noong 2016, nakapagtala ang Bureau of Plant Industry (BPI) ng 81 PhilGAP certified na sakahan, at upang madagdagan ang bilang ng mga sertipikadong sakahan, ang Career Development and Management Section (CDMS) ng ATI CaLaBaRZon ay nagsagawa ng Season-Long Training of Trainers (TOT) on Good Agricultural Practices (GAP) for Fruits and Vegetables at ng Farmer's Field School (FFS). Nagsipagtapos sa Season-Long training ang 19 na Agricultural Extension Workers (AEWs) mula sa iba't-ibang probinsya ng rehiyon CaLaBaRZon. Samantala, 84 na magsasaka mula sa bayan ng Bay at Los Baños, Laguna ang sumailalim at nagsipagtapos sa mahigit 16 na linggong pagsasanay patungkol sa PhilGAP.

Isinagawa ang 16 na linggong Season-Long TOT on GAP for Fruits and Vegetables sa Arisabel Clubhouse Resort, Los Baños, Laguna mula ika – 24 ng Abril hanggang ika – 31 ng Agosto 2017. Nakapaloob sa pagsasanay na ito ang pagsasagawa ng FFS sa lugar ng Brgy. Anos at Brgy.

Tranca sa Los Baños, Laguna at Brgy. Pinac Maitim at Brgy. Tranca naman sa Bay, Laguna.

Binahagi ni G. Angelo Jhon Aquino mula sa tanggapan ng Pambayang Agrikultur ng Infanta, Quezon ang kanyang mga natutunan sa pagsasanay, *"Sa sumunod nating FFS sites, nasabi ko kahit pangit o masama ang ating tanim, ang mahalaga may natutunan tayo para po sa susunod na taniman. Wag po tayo matatakot na sumubok ulit dahil duon po sa pagkakamali duon po tayo matututo."*

Pinangunahan ni Gng. Marites P. Cosico, Center Director ng ATI CaLaBaRZon, kasama ang iba't-ibang kinatawan mula sa Kagawaran ng Pagsasaka IV-A, Tanggapan ng Panglalawigang Agrikultur ng Laguna at Batangas, Lokal na Pamahalaan ng Los Baños at Bay, Laguna ang araw ng pagtatapos noong ika – 1 ng Setyembre 2017 sa Splash Mountain Resort, Los Baños, Laguna.

Layunin ng pagsasanay na bumuo ng mga tagapagturo na mangunguna sa pagsasagawa ng mga pagsasanay at pagpapalawak ng High Value Crops Development Program (HVCDP). Ang mga nasabing tagapagturo ay magsasanay ng mga magsasaka pati na rin ang mga agricultural technologist sa kani-kanilang lalawigan at munisipalidad. Ang mga sinanay na AEWs ay magiging katuwang ng ATI sa pagpapalaganap ng PhilGAP sa rehiyon.



## AEWs ng CALABARZON, sumailalim sa pagsasanay na AGRIDoc

-Janine L. Cailo

Los Baños, Laguna - Kabuuang 22 Agricultural Extension Workers (AEWs) ang matagumpay na nagsipagtapos sa Regional Roll-Out of Enabling AgriDOC: A New Breed of Agricultural Development Officers of the Community in CaLaBaRZon Region noong ika – 11 ng Oktubre 2017 sa Splash Mountain Resort, Los Baños, Laguna.

Ang limang buwang pagsasanay sa AgriDOC ay pinangunahan

ng Agricultural Training Institute (ATI) CaLaBaRZon kaagapay ang Kagawaran ng Pagsasaka IV-A, Philippine Rice Research Institute (PhilRice), at International Rice Research Institute (IRRI). Ang mga kalahok ay sumailalim sa pagsasanay simula noong ika – 30 ng Mayo 2017 hanggang ika- 10 ng Oktubre 2017.

Ang pagsasanay ay binubuo ng anim na modules. Una, Be Transformed, naglalayong mapahusay ang pag-

unawa ng kalahok sa pag-unlad ng extension ng trabaho gamit ang "transformation leadership framework". Pangalawa, AgriCool, kung saan ang mga kalahok ay pinalawak ang kaalaman patungkol sa agrikultura lalo na sa pagpapalayan. Pangatlo, AgriSurvivors, kung saan ang mga AgriDOCs ay nakipamuhay sa pamilya ng magsasaka sa Kalayaan, Laguna upang maunawaan at malaman ang halaga ng iba't ibang klase ng magsasaka at "extension





intermediaries”, gayundin makabuo ng mga pamamaraan upang manatili sa lipunan at industriya ng pagsasaka. Pang-apat, PalaYcheck at PalaYamanan v2.0, kung saan ang mga kalahok ay natutunan ang mga prinsipyo ng rice-based farming system. Pang-limang modyul, ang Rise with Rice ay itinatangayod nito ang aspeto na entrepreneurship sa mga

AgriDOC at iba pang kakayahan para mapabilis ang pag-unlad ng komunidad. Be RICEponsible, ang pang-huling modyul kung saan binigyang diin ang kahalagahan ng mga project proposal ukol sa pagsasaka ng palay na angkop sa kanilang komunidad. Pinaliwanag ni Gng. Mary Grace P. Leida, Project Officer, na ang mga bagong sibol

na AgriDocs ay magiging kaagapay ng mga magsasaka at ng komunidad sa pagkakaroon ng sustainable at mapalakas ang komunidad sa pamamagitan ng mga teknolohiya na angkop sa lugar at makabuo ng mga stratehiya para mapalapit sa merkado.

Ang AgriDOC ay isang proyekto sa ilalim ng Improving Technology Promotion and Delivery through Capability Enhancement of Next-Gen Rice Extension Professionals and Other Intermediaries (IPaD) ng Department of Agriculture IRRRI Rice Research & Development Collaboration for Food Staple Sufficiency. Layunin ng programa na bumuo at maglingang ng makabagong AEWs upang mapabuti at mapahusay ang paghahatid ng serbisyo sa pamamagitan ng extension.

## Mabilis at Akmang Impormasyon sa Pamamagitan ng Programang SOA

- Maridelle G. Jaurigue

Trece Martires City, Cavite – Matagumpay na isinagawa ng tanggapan ng Agricultural Training Institute (ATI) Rehiyon CaLaBaRZon ang dalawang School on the Air (SOA) o Paaralang Panghimpapawid sa probinsya ng Rizal at Quezon.

Ang SOA para sa mga swine raisers sa lalawigan ng Rizal na pinamagatang “Radyo Eskwela ukol sa Sustenableng Pag-aalaga ng Baboy” ay napakinggan sa loob ng tatlong buwan sa Veritas 846 tuwing Huwebes, alas sais hanggang alas sais y medya ng umaga. Ang pokus ng naturang programa ay pag-aalaga ng baboy gamit ang pamamaraang Sustainable Pig Farming (SPF). Tinatawag ding natural na pamamaraan, ilan sa mga bentahe nito ay mas mura ang pakain, walang amoy ang mga baboy at malakas ang resistensya.

Kabilang sa 452 swine raisers na nagsipagtapos ay mula sa bayan ng Morong, Teresa, Binangonan, Pililla, Tanay, Taytay, Baras, Antipolo City, Jalajala at San Mateo. Ang seremonya ng pagtatapos ay ginanap noong ika-26 ng Setyembre 2017 sa Tanay Gymnasium na dinaluhan ng mga swine raisers, kawani mula sa Tanggapan ng Pambayang Agrikultor at Provincial Veterinary Office ng lalawigan.

Samantala, 483 na magsasaka naman ang natuto ng tamang paraan ng pag-aalaga ng mais sa pamamagitan ng programang “MAISkwelahan Tungo sa Kaunlaran: Isang Teleradyo

sa Pagmamaisan.” Ito ang ikalawang SOA na isinagawa ng ATI CaLaBaRZon sa taong 2017, para sa lalawigan ng Quezon partikular sa bayan ng Guinayangan at Tagkawayan. Ang programa ay napakinggan sa 101.7 Agri Tagkawayan at lokal na telebisyon Channel 9 tuwing Biyernes, alas singko hanggang alas sais ng umaga mula Hunyo hanggang Setyembre 2017.

Ito ay nagpagtagumpayan sa pamamagitan ng ugnayan sa Tanggapan ng Panlalawigang Agrikultor ng Quezon at mga lokal na pamahalaan ng Guinayangan at Tagkawayan.

Ang mga programang nabanggit ay naglalayong maghatid ng mabilis at akmang impormasyon ukol sa partikular na paksa sa mas maraming bilang ng tao, sa pamamagitan ng radyo o telebisyon at iba pang Information Communication Technology (ICT) tools.





## Malawakang Paglulunsad ng Farmers' Field School ukol sa Sustainable Pig Farming, Isinagawa

- Marian Lovella A. Parot

Trece Martires City, Cavite – Upang maipalaganap ang teknolohiya ng pag-aalaga ng baboy gamit ang Sustainable Pig Farming (SPF) o natural na pamamaraan, inilunsad ng Agricultural Training Institute (ATI) CaLaBaRZon ang ilang serye ng Farmers' Field School (FFS) on SPF sa buong rehiyon.

Ang mga paglulunsad ay naganap sa limang lalawigan noong buwan ng Nobyembre hanggang Disyembre 2017. Dalawampu't lima hanggang tatlumpong nag-aalaga ng baboy mula sa bayan/siyudad ng Imus, Magallanes, Ternate at Silang (Cavite); Alaminos, Famy, Mabitac at Pagsanjan (Laguna); Calaca, Calatagan at Laurel (Batangas); Antipolo City, Baras, Binangonan, Pililla, at

Tanay (Rizal); at Atimonan, Gumaca, General Luna at Lopez (Quezon) ang kalahok ng programa.

Sila ay nakatalagang magsanay sa loob ng 16-20 na linggo upang detalyado at masusing pag-aralan ang SPF. Hango sa pinag-ibayong teknolohiya ng ATI International Training Center on Pig Husbandry, ang FFS-SPF ay inaasahang makapag-bibigay ng alternatibo, sustenable at mas matipid na paraan ng pag-aalaga ng baboy sa mga kalahok.

Ang FFS-SPF ay isasagawa ng ATI CaLaBaRZon sa pakikipagtulungan sa Office of the Provincial Veterinarian at mga lokal na pamahalaan.

## Southern Luzon State University, Kampeon Bilang Kabataang Organic Agriculture 2017

- Jamila Monette B. Balmeo

Lucban, Quezon - Alinsunod sa Proklamasyon bilang 1030, kung saan isinasaad ang Nobyembre bilang Organic Agriculture month, isinagawa ng Agricultural Training Institute (ATI) CaLaBaRZon ang ikalawang pagkilala sa Kabataang OA (Search for Kabataang OA) sa Southern Luzon State University (SLSU) – Lucban, Quezon noong ika – 8 ng Nobyembre 2017. Ang pagkilala sa Kabataang OA ay sang-ayon sa pagdiriwang ng “3rd National Organic Agriculture Month.”

Ang binansagang “Search for Kabataang OA 2017” ay paligsahan ng pagsusulit na ang paksa ay may kinalaman sa agrikultura. Ito ay aktibong nilahukan ng 60 na mag-aaral mula sa ikatlo at ikaapat na antas sa kolehiyo – Batangas State University (BatSU) – Lobo, Cavite State University (CvSU) – Main Campus, Laguna State Polytechnic University (LSPU) – Siniloan, University of the Philippines – Los Baños (UPLB), Polytechnic University of the Philippines (PUP) – Mulanay at SLSU – Lucban. Ang patimpalak ay hinati sa tatlong bahagi – elimination, semifinal at final round. Sa elimination round, lahat ng mga kalahok ay nagsagot ng pagsusulit o questionnaire na binubuo ng 40 na katanungan. Mula sa 60 na estudyante, 35 na may pinakamataas na puntos ang pumasa para sa kasunod na round. Sa semifinal round naman, nagbigay ng mga katanungan ang tinaguriang “quiz master”. Sa round na ito, kailangang isulat ng mga kalahok ang kanilang kasagutan sa meta card. Ang unang sampung mag-aaral na makapagbigay ng tamang sagot ang napabilang sa unang bahagi ng final round. Ang natitirang sampung magkakatangali ay naglaban laban sa easy (5 puntos), average (10 puntos) at difficult (15 puntos) round. Limang may pinakamataas na puntos ang pasok sa ikalawang bahagi ng final round.



Ang limang natira ay binigyan ng 20 minuto para aktwal na isagawa ang tamang proseso ng paghahanda ng isang kilong Fermented Fruit Juice (FFJ). Sa huli ay isa lamang ang hinirang na Kabataang OA 2017:

**Kabataang OA 2017: Alyzza Pontesor (SLSU)**

**1st runner-up: Camille Tumambing (SLSU)**

**2nd runner-up: Ana Verdadero (SLSU)**

**3rd runner-up: Jonnel Albania (BatSU)**

**4th runner-up: John Arroqante (UPLB)**

Ang limang nagwagi ay nakatanggap ng perang papremyo, medalya at sertipiko mula sa ATI CaLaBaRZon.

*“Sana itong Kabataang OA ay maging hamon sa inyong lahat para ipagpatuloy yung aming nasimulan. Maging motivation ito para mas galingan nyo pa at lagpasan yung aming nagagawa sa larangan ng pagsasaka at pangisdaan. At higit sa lahat maging ilaw sa inyong daan tungo sa inyong tagumpay sa buhay,”* paglalahad ni Gng. Marites P. Cosico, Center Director ng ATI CaLaBaRZon.



Dumating din para magbigay suporta ang mga kinatawan ng SLSU na sina Dr. Amalia E. Almazol, Dean ng College of Agriculture at Dr. Marissa C. Esperal, Vice President ng Academic Affairs.

Sa kabuuan, layunin ng aktibidad na lumawak pa ang kaalaman ng bawat isa ukol sa organikong pagsasaka at

dumami rin ang mga mag-aaral na makatapos ng kursong may kinalaman sa Agrikultura sa rehiyon ng CaLaBaRZon. Ang "Search for Kabataang OA" ay magiging taunang gawain ng ATI CaLaBaRZon. Ang kauna-unahang "Search for Batang OA" ay naganap sa LSPU – Sta. Cruz Campus noong ika – 18 ng Nobyembre ng nakaraang taon.

## FITS Centers sa CaLaBaRZon Nagtipon Para sa Ika – limang TGP Summit

-Jamila Monette B. Balmeo



Lucban, Quezon - Ipinagdiwang ng Agricultural Training Institute (ATI) CaLaBaRZon ang ika – limang Techno-Gabay Program (TGP) Summit na may temang "Ensuring Food Security Amidst Climate Change." Dumalo ang Farmers' Information and Technology Services (FITS) Centers sa rehiyon ng CaLaBaRZon para makiisa sa taunang selebrasyon noong ika – 9 at 10 ng Nobyembre 2017 sa Southern Luzon State University (SLSU) – Lucban, Quezon.

Ang dalawang araw na pagdiriwang ng TGP Summit ay sinimulan sa pamamagitan ng ribbon-cutting ceremony sa pangunguna ni Dr. Nicomedes P. Eleazar, Director ng Department of Agriculture Bureau of Agricultural Research. Dumating din sina Dr. Milo O. Placino, SLSU President at Mr. Romulo Edaña, Quezon Provincial Administrator sa pagbubukas ng programa. Pinasinayaan rin ang paglulunsad ng booth at iba't ibang produktong ipinagmamalaki ng bawat probinsya sa CaLaBaRZon, gayundin ang accomplishment poster kada FITS

Center. Pinaunlakan din ng mga magsasaka mula sa Luisiana, Lucban, Sampaloc at Tayabas City ang paanyaya na lumahok sa Information Caravan sa unang araw ng summit. Dito nagbahagi ng kaalaman ang mga inimitahang tagapagsalita na sina Dr. Jesusita O. Coladilla, Faculty ng College of Agriculture – SLSU (Climate Change Impact in Agriculture), G. Rene Vidallo, Program Director ng International Institute of Rural Reconstruction – Silang, Cavite (Climate Smart Agriculture Practices) at sina Gng. Edelissa Ramos, G. Angelito Mendoza at G. Juanito Tique (Sharing of Best Practices). Nagbigay daan naman sa katuwang ng programa, ang Tanggapan ng Panlalawigang Agrikultor ng Quezon, ang pag host sa kinagawiang Governor's Night. Hindi pinalampas ang pagtatanghal ng Banahaw Cultural Dance Troupe ng SLSU. Ang gabi ay napuno ng kasiyahan at pagkakaisa. Samantala ng sumunod na araw, ang pinaka-inaabangang bahagi, paggawad ng karangalan, ay nagdulot rin ng kagalakan. Narito ang listahan ng mga nanalo:

**Best FITS Center: FITS Gumaca, Quezon**  
**Best Magsasaka Siyentista (MS): Ruy Valente "Ding" M. Polistico**  
**Best Booth: Laguna province**  
**Best Accomplishment Poster:**  
**1st place: Teresa, Rizal**  
**2nd place: Magdalena, Laguna**  
**3rd place: Tanza, Cavite**

Ang Best FITS Center at Best MS ay nakatanggap ng perang papremyo at plaka ng pagkilala mula sa ATI CaLaBaRZon. Nakatanggap rin ng perang papremyo at sertipiko ang nagwagi bilang best booth at best accomplishment posters. "Napakahalaga po ng programang TGP Summit. Yung pagtatatag ng FITS Center sa mga bayan, sa mga SUCs (State Universities and Colleges) at iba pang mga lugar na nagiging extension modality ng ATI para gamitin yung mga makabagong technology o IT sa pagtuturo sa magsasaka at mangingisda para mapataas ang antas ng kaalaman hindi lang sa paggamit ng makabagong teknolohiya kundi para na rin hindi kayo mahirapan sa pagkuha ng information at hind maging paralisa sa pag-aksyon para pigilan ang banta ng climate change at food security," pagbabahagi ni Gng. Marites P. Cosico, Center Director ng ATI CaLaBaRZon.

Ang TGP Summit 2017 ay resulta ng matagumpay na pakikipagtulungan ng ATI CaLaBaRZon sa Tanggapan ng Panlalawigang Agrikultor ng Quezon at SLSU – Lucban. Layunin nito na maunawaan ang epekto ng pagbabago-bago ng klima sa Agrikultura, kaakibat na rin ang pagbibigay karangalan sa mahahalagang kontribusyon ng FITS Centers sa rehiyon ng CaLaBaRZon.



# KASANGGA NG MAGSASAKA

## Insurance Products




### PAMAMARAAN NG PAGSESEGURO

HAKBANG BILANG	KLIYENTE	TAGAPAGLINGKOD NG PCIC	TALA-ORASAN	NAKATALAGANG KAWANI NG PCIC
1	Magpatala sa nakatalagang tanod. Sabihin kung ano ang pakay at kung sino ang gustong makausap.	Asikasuhin ang kliyente. Samahan sa kawani na gustong makausap.	5 minuto	Nakatalagang Tanod
2	Sabihin kung anong uri ng seguro ang nais at humingi ng tulong kung paano ito isagawa.	Kapanayamin. Bigyan ng mga babasahin tungkol sa mga programa ng seguro. Ipaliwanag, kung kinakailangan, at tulongan sa pagsasaayos ng Aplikasyon para sa Seguro, kung nanaisin ng kliyente.	15-20 minuto	Insurance Underwriter (IU)/ Insurance Processor (IP) o Hepe ng Marketing and Sales Division (MSD)
3	Isagawa ang Aplikasyon para sa Seguro. Ibigay sa kinauukulang kawani, kasama ang iba pang karagdagang dokumento sa pagpapaseguro, kung kailangan.	Tanggapin at suriin ang aplikasyon kung naayon sa mga umiiral na alituntunin at patakaran. Kung tama, tatakan ng petsa ng pagkatanggap, lagyan ng patandang bilang at lista sa aklat-talaan. Tutusin ang kaukulang prima at iba pang babayaran at ipaalam ito sa kliyente.	10-15 minuto	Insurance Underwriter (IU)/ Insurance Processor (IP) o Hepe ng Marketing and Sales Division (MSD)
4	Surin ang pagkakatuos ng prima at iba pang babayaran, kung mayroon. Kung tama, ipahayag ang pagsang-ayon sa pagbabayad nito.	Gawin ang Sertipiko ng Seguro o Poisa, alinman ang nararapat. Daihin sa Hepe ng MSD, kasama ang aplikasyon at mga kaukulang dokumento, para sa lagda ng pagsang-ayon.	5-10 minuto	Insurance Underwriter (IU)/ Insurance Processor (IP) o Hepe ng Marketing and Sales Division (MSD)
5	Hintayin ang pagsang-ayon ng Hepe ng MSD.	Surin ang mga dokumento, at kung tama, lagdaan ng pagsang-ayon. Ibalik ang mga dokumento sa IU o IP.	5-10 minuto	Hepe ng MSD
6	Bayaran ang kaukulang prima at iba pang babayaran, kung mayroon.	Tanggapin ang bayad na prima mula sa kliyente at igawad ang kaukulang Sertipiko ng Seguro o Resibo sa Pagbabayad, alinman ang nararapat. Paghiwalayin ang mga sipi ng dokumento. Resibo/Sertipiko ng Seguro at iba pa, ibigay ang kaukulang sipi sa kliyente.	5-10 minuto	Insurance Underwriter (IU)/ Insurance Processor (IP) o Teller

KABUUNG TALA-ORASAN: 45-70 MINUTO

# January-December 2017 ACCOMPLISHMENT (Extension Activities)



Total Extension Activities: **250**  
Total Participants: **7372**

# SIGN UP NOW!

AND ENROLL IN  
**UP TO 50 E-LEARNING COURSES**

visit: <http://e-extension.gov.ph/elearning>

